

Modyul Blg. 14

Pagsusuri ng Akda Batay sa

Teoryang Feminismo



Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Alam kong marami ka nang modyul na napag-aralan na luminang sa iyong kakayahan. Ito’y ginawa para sa iyo.

Ang susunod mong babasahin ay pinamagatang “Lupain ng Taglamig,” na isinulat ni Yasumari Kawabata at isinalin sa Tagalog ni Rogelio Sicat. Tiyak kong masisiyahan ka rito dahil kakaiba ang istorya nito na mula sa bansang Hapon. Sa akdang ito mo malalaman na dapat pahalagahan ang katayuan ng mga kababaihan sa lipunan kanyang ginagalawan. Paano? Iyan ang dapat mong tuklasin.

Ang iyong kaalaman sa pagsusuring panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito. Maiugnay mo ang mga dati mo nang kaalamang natutunan. Kasama na rin dito ang mga karanasang pansarili at iba pang maaari mong paghanguan ng iyong kasagutan. Handa ka na ba? Simulan mo na.



Ano ang matutunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa akda.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Gabay mo sa pagkatuto ang modyul na ito. Magiging makabuluhan at maayos ang iyong pag-aaral kung susundin mo nang wasto ang mga tuntunin at tagubilin sa paggamit nito. Huwag kang mag-alala, ito’y ginawa para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang may tiwala sa sarili ang Panimulang Pagsusulit sa bahaging Ano Ba Ang Alam Mo?. Gabay mo ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa
2. Iwasto mo ang mga sagot. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Kung marami kang mali huwag kang mag-alala. Tutulungan kang linawin ito sa Pagpapayaman.
3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ang dapat gawin.
4. Tingan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na kahusay. Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Ingatan mo ang modyul na ito. Gawin mo itong kaibigan. Iwasan mo ang sulatan ito at ingatan para hindi masira. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya notbuk.



Ano ba ang alam mo?

Ito ang panimulang pagsusulit na sasagutin mo. Huwag kang matakot. Layon ng pagsusulit na ito na sukatin ang iyong kaalaman sa paksa.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Malinis ang babae hanggang sa gilit ng mga daliri sa paa. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay;

a. hiwa	c. kuko
b. pagitan	d. sugat
2. Mula sa pagkakaupo sa pasimano ng bintana, tumayo ang babae at naupo sa banig sa ibaba nito. Ano ang kahulugan ng may salungguhit?

a. barandilya	c. ibabaw
b. salamin	d. gilid
3. Isang mapusyaw na pamumula ang kumalat sa mukha ng babae.

a. kupas	c. madugo
b. mapulang-mapula	d. maputla

4. Ang kwento ay nagmula sa bansang
 - a. Singapore
 - b. Hapon
 - c. Indonesia
 - d. Cambodia

5. Ang pangunahing tauhan sa kwento ay si
 - a. Yoko
 - b. Komako
 - c. Shimamura
 - d. Kim

6. Ang babae ay mahilig tumugtog ng
 - a. piyano
 - b. organo
 - c. gitara
 - d. samisen

7. Natutong tumugtog ng samisen si Komako kahit walang pormal na pag-aaral. Mahihinuha na siya'y:
 - a. mahilig sa musika
 - b. natutuwa sa samisen
 - c. pinipilit ng magulang
 - d. nang-aakit ng lalaki

8. May isang batang babae, dalawang taong gulang, na tuwing makakakita ng geisha ay tinatawag niya itong Komako. Mahihinuhan:
 - a. kilalang-kilala ng bata ang mga geisha
 - b. naaalala niya ang kanyang ina.
 - c. mahal niya si Komako
 - d. nagpakita ng pagmamahal si Komako sa bata.

9. Madalas na maibili ng damit ang kapatid mong lalaki at ito'y napapansin mo. Ano ang iyong gagawin?
 - a. iiyak na lang
 - b. magsasawalang kibo
 - c. lalayas
 - d. kakausapin nang mahinahon ang magulang

10. Igagalang ka ng iba, kung igagalang mo ang iyong sarili. Ito'y isang:
 - a. salawikain
 - b. kawikaan
 - c. panuntunan
 - d. batas

Nahihirapan ka ba sa pagsagot? Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong nakuhang iskor, tutulungan ka ng modyul na ito.

Aralin I: LUPAIN NG TAGLAMIG



Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyan-kahulugan ang mga piling salita / simbolo na nasa akda.
2. a. Nasusuri ang katauhan ng mga pangunahing tauhan sa akda.
b. Nahihinuha at nabibigyang-kahulugan ang mga pahiwatig sa akda.
3. Nasusuri ang akda batay sa lakas na taglay ng pangunahing tauhang babae.
4. Naiisa-isa ang mga panuntunan ng pantay na karapatan ng babae at lalaki.
5. Nakabubuo ng isang maikling talata tungkol sa hinahangaang babae.



Mga gawin sa pagkatuo

Alamin mo...

Panuto: Isaayos mo ang mga pinaghalong letra na nasa kahon upang makabuo ng mga pangalan ng tao. Isulat sa ibaba ang iyong sagot.

Y U D O
Q C I
A N R

A D A G
N S N
O R A T

M A H T
T H O S E
E E R R

T M R C H
H A T A R
A G E T E R

Nasagutan mo bang lahat ang gawain? Kayang-kaya mo hindi ba? Hiramín mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo na.

Basahin mo na...

**LUPAIN NG TAGLAMIG
Ni Yasunari Kawabata
(Salin ni Rogelio Sicat)**

“Noon”: lipas na ang panahon ng panganib dahil sa mga pagguho ng yelo, dumating na ang panahon ng pag-akyat sa bundok sa kaluntian na tagsibol.

Si Shimamura, na nabubuhay sa kawalan ng magawa, ay nakatuklas na kung minsa’y nawawala ang katapatan niya sa sarili, at malimit siyang nagpupuntang mag-isa sa bundok upang mabawi rito ang kung anong bahagi nito. Bumaba siya sa nayon ng mainit na bukal pagkaraan ng pitong araw sa hangganan sa bundok. Nagpatawag siya ng isang geisha. Gayunman, sabi ng katulong na babae na baka okupado ang lahat ng geisha dahil may selebrasyon nang araw na iyon...Ngunit baka sakaling makapunta ang babaeng nakatira sa titser ng musika. Kung minsan, tumutulong ito sa mga pagtitipon ngunit umuuwi na pagkaraan ng dalawa o tatlong sayaw lamang. Nang mag-usisa pa si Shimamura, nagkwento ang katulong tungkol sa babaeng nakatira sa titser: ang titser ng samisen at ng sayaw ay may kasamang isang babae, hindi geisha, ngunit kung minsa’y napapakiusapang tumulong sa malalaking pagtitipon. Dahil walang bata sa bayan na nagsasanay para maging geisha,at dahil karamihan sa mga lokal na geisha ay nasa gulang na ayaw nang sumayaw, mahalaga ang serbisyo ng babae. Hindi siya kailanman dumarating na mag-isa para aliwin ang isang bisita sa otel, ngunit hindi rin naman siya matatawag na baguhan – sa pangkalahata’y ganito ang ikinuwento ng katulong.

Kakatwang istorya, sabi ni Shimamura sa sarili, at ito’y kinalimutan niya. Gayunman, pagkaraan ng may isang oras, dumating ang babaeng nakatira sa titser ng musika, kasama ang katulong. Tumayo si Shimamura. Paalis na ang katulong ngunit tinawag ito ng babae.

Nagbigay ang babae ng impresyon ng lubos na kalinisan at kasariwaan. Palagay ni Shimamura ay malinis ito hanggang sa gilit ng mga daliri ng paa.Napakalinis nito kaya naisip niyang baka dinadaya siya ng kanyang matang nasanay sa katitingin sa maagang tag-araw sa kabundukan.

May bagay sa pananamit ng babae na nagpapahiwatig ng isang geisha, kahit hindi nito suot ang mahabang saya ng geisha. Sa halip, suot nito ang malambot at pantay-araw na kimono na nagbibigay ng anyong kagalang-galang. Mukhang mamahalin ang obi, hindi bagay sa kimono at lihim siyang nalungkot.

Tahimik na lumabas ang katulong nang magsimula silang mag-usap tungkol sa mga bundok. Hindi tiyak ng babae ang pangalan ng bundok na nakikita mula sa otel at dahil hindi ganadong uminom ng alak si Shimamura na maaari niyang maramdaman kung kasama ang isang ordinaryong geisha, sinimulang isalaysay ng babae ang nakaraan nito. Ipinanganak siya sa lupaing ito ng yelo ngunit siya’y kinontrata bilang geisha sa Tokyo. Di nagtagal, nakatagpo siya ng patron na nagbayad ng kanyang mga utang at nag-alok na tutulungan siyang maging titser ng sayaw, ngunit sa kasawiang-palad, namatay ito pagkaraan ng isa’t kalahating taon. Nang dumating sa punto ng kung ano ang nangyari mula noon, bantulot itong magkwento ng kanyang mga sikreto. Sinabi ng babae na

siya'y disinwebe anyos. Akala ni Shimamura ay beinte uno o beinte dos ito at dahil ipinalagay niyang hindi ito nagsisinungaling, ang kaalamang maaga itong tumanda ay nagdulot sa kanya ng bahagyang kapanatagang inaasahan niyang madama sa piling ng isang geisha. Nang simulan nilang pag-usapan ang Kabuki, natuklasan niyang mas maraming alam ang babae tungkol sa mga aktor at estilo kaysa kanya. Nagkwento ang babae na parang sabik sa isang tagapakinig, at di nagtagal, naging panatag ang loob nito na sa wakas ay naglantad dito bilang tagapaghatid ng aliw. At sa pangkalahatan, parang alam nito ang lahat ng dapat malaman tungkol sa mga lalaki. Gayunman, inisip ni Shimamura na ito'y baguhan at pagkaraan ng isang linggo ng pag-akyat sa bundok na wala siyang nakausap kahit isa, natagpuan niya ang sariling naghahanap ng isang kasama. Pakikipagkaibigan, samakatwid at hindi ano pa man ang naramdaman niya sa babae. Lumawak ang naging damdamin niya sa kabundukan upang sakupin pati ang babae.

Kauupo pa lamang ng babae nang hilingin niya ritong ikuha siya ng isang geisha.

“Ikuha ka ng geisha?”

“Alam mo ang ibig kong sabihin.”

“Hindi ako pumasok dito para utusan ng ganyan.” Bigla itong tumayo at lumapit sa bintana, namumula ang mukha habang nakatingin sa kabundukan. “Walang ganyang babae rito.”

“Huwag mo na akong lokohin.”

“Iyan ang totoo.” Mabilis itong bumaling upang humarap sa kanya at pagkaraa'y naupo sa pasimano ng bintana. “Walang nakakapilit sa geisha na gawin ang ayaw niya. Bahala ang geisha mismo. Serbisyo iyan na hindi maibibigay sa iyo ng otel. Sige, kung gusto mo'y ikaw ang tumawag. Ikaw mismo ang makipag-usap.”

“Ikaw ang tumawag para sa akin.”

“Bakit ako ang gusto mong gumawa niyan?”

“Itinuturing kitang kaibigan. Kaya nga tinatrato kitang mabuti.”

“At ganito ang ipagagawa mo sa isang kaibigan?” Gumagaya sa kanyang pamamaraan, ang babae'y tila naging nakakatuwang bata. Ngunit pagkaraan ng ilang saglit, bumulalas ito: “Ang galing mo naman at ako pa ang hinilingan mong gumawa ng gayong bagay!”

“Anong masama? Masyado lang akong lumakas pagkaraan ng isang linggo sa kabundukan, iyan lang. Mali-mali tuloy ang naiisip ko. Ni hindi ako makaupo rito para makipag-usap sa iyo sa paraang gusto ko.”

Tahimik ang babae, nakatingin sa sahig. Umabot na si Shimamura sa puntong alam niyang ipinaparada lamang niya ang kawalanghiyaan ng isang lalaki ngunit mukhang sanay na rin dito ang babae at hindi nasisindak. Tiningnan niya ito. Marahil, ang malantik na pilikmata ng nakababang mata ang nagdudulot sa mukha nito ng init at tukso. Umiling nang bahagya ang babae, at muli, isang mapusyaw na pamumula ang kumalat sa mukha nito.

“Kunin mo ang geisha na gusto mo.”

“Di ba iyan nga mismo ang hinihingi kong gawin mo? Ngayon lamang ako nakarating dito, at wala akong idea kung sinong geisha ang pinakamaganda.”

“Ano ba ang maganda sa iyo?”

“Iyong bata. Hindi ka masyadong magkakamali kapag sila'y bata. At iyong hindi gaanong madaldal. Malinis at hindi gaanong mabilis. Kung gusto kong may kausap, maaari kitang kausapin,”

“Hindi na ako babalik dito.”

“Huwag kang gaga.”

“Sabi ko'y hindi na ako babalik. Bakit pa ako babalik?”

“Di ba sinabi ko na sa iyo na gusto kong magkipagkaibigan sa iyo kaya tintrato kitang mabuti?”

“Tama na’ng sinabi mo.”

“Halimbawang sumobra ako sa pakikitungo sa iyo, malamang na bukas lang ay hindi na kita gustong kausapin. Hindi na kita gusto pang makita. Pupunta ako sa bundok upang muling magustuhang makipag-usap sa tao, at iiwan kita para makausap ko. At ikaw mismo, paano ka? Hindi ka maaaring magpakaingat sa mga nagpupunta rito.”

“Totoo.”

“Talagang totoo. Isipin mo ang sarili mo. Kung siya’y isang babaeng hindi mo gusto, hindi mo na hahangaring makita pa ako pagkaraan. Mas mabuti para sa kanya kung siya’y babaeng iyong pinili.”

“Tama na, tama na.” Biglang bumaling ang babae, ngunit maya-maya’y idinagdag nito: “Mayroon kang ibig ipakahulugan sa iyong sinabi.”

“Isang panandaliang relasyon, iyon lang. Walang maganda rito. Alam mo iyan – hindi nagtatagal.”

“Totoo. Laging ganyan ang lahat ng nagpupunta rito. Ito’y isang bukal at napaparito ang tao ng isa-dalawang araw at pagkaraa’y aalis na.” Prangka ang kanyang pananalita – napakabilis ng kanyang pagbabago. “Karaniwang mga nagbibiyahe ang naparirito. Bata pa ako pero narinig ko na ang lahat ng usapan. Ang bisitang hindi nagsasabi sa iyo na gusto ka niya, gayong alam mo namang gusto ka - siya ang mas magiliw mong natatandaan. Hindi mo siya malilimutan kahit matagal ka na niyang iniwan, sabi nila. At siya rin ang nagpapadala ng sulat sa iyo.”

Mula sa pagkakaupo sa pasamano, tumayo ang babae at naupo sa banig sa ibaba nito. Para itong nabubuhay sa nakaraan, ngunit tila napakalapit din niya kay Shimamura.

Taglay ng boses ng babae ang tono ng malapit na damdamin at bahagyang nakonsensya si Shimamura. Parang napakadali niyang napaglalaman ang babae.

Gayuman’y hindi siya nagsisinungaling. Para sa kanya’y baguhan ang babaeng ito.

Ang kasabikan niya sa isang babae ay hindi iyong mag-uudyok sa kanya na gustuhin ang particular na babaeng ito – kasabikan iyong kailangang idaos nang walang pananagutan. Napakalinis ng babaeng ito. Mula nang ito’y kaniyang makita, inihwalay na niya ang babaeng ito sa iba pa.

Bukod dito, nang pinag-iisipan na niya kung saan pupunta para takasan ang init ng tag-araw, naisip niyang maaari niyang dahilan ang kanyang pamilya sa bukal na ito sa bundok. Sa kabutihang-palad, ang babae ay baguhan. Pwede itong mabuting kasama ng kanyang maybahay. Maaari pa niyang paturuan ng sayaw ang kanyang maybahay upang huwag itong mainip. Medyo seryoso siya rito. Sinabi niyang pakikipagkaibigan lamang ang nararamdaman niya sa babae ngunit may dahilan siya sa paglusong sa mababaw na tubig nang hindi nagpapakabasa.

At walang dudang may bagay na katulad ng panggabing salamin sa pangyayaring ito. Ayaw niyang isipin ang mahabang komplikasyon ng relasyon sa isang babaeng alanganin ang katayuan ngunit bukod dito, nakita niya ang babae na parang hindi totoo, tulad ng mukha ng babae sa panggabing salamin

Gayon din ang panlasa niya sa sayaw na Kanluranin, parang hindi totoo. Lumaki siya sa distrito ng komersyo sa Tokyo, at mula sa pagkabata ay pamilyar na pamilyar na siya sa teatro ng Kabuki. Bilang estudyante, nabaling ang kanyang interes sa sayaw na Hapon at sayaw-dula. Hindi nasisiyahan hangga’t hindi niya natututuhan ang lahat ng gusto niyang pag-aralan, nagsaliksik siya sa mga lumang dokumento na pinuntahan ang mga puno ng iba’t ibang eskwelahan ng sayaw at di nagtagal naging kaibigan niya ang mga sumisikat na personalidad sa daigdig ng sayaw at nagsulat ng maaaring tawaging mga pananaliksik at mapanuring sanaysay. Natural lamang kung gayon, na mabuo sa kanya ang malalim na pagtutol sa nahihimbing na matandang tradisyon at sa mga

repormador na ang gusto lamang ay bigyang-kasiyahan ang kanilang mga sarili. Nang ipasya na niyang wala nang ibang dapat gawin kundi lubusang ilahok ang sarili sa kilusan ng sayaw at dahil hinihimok siya ng ilan sa mga batang personalidad sa daigdig ng sayaw, bigla siyang lumipat sa sayaw ng Kanluranin.

Maaaring masabi na sa kauna-unahang pagkakataon, nagagamit niya ngayon nang husto ang kanyang kaalaman, pagkat ang usapan sa sayaw ay nakatulong upang lalong mapalapit ang babae sa kanya; ngunit possible rin bagaman hindi niya halos namamalayan na tinatrato niya ang babae gaya ng mismong pagtrato niya sa Kanluraning sayaw.

Bahagya siyang nagsisi na parang dinaya niya ang babae nang makita niyang ang pambobola ng manlalakbay na aalis bukas ay sumanggi sa isang bagay na malalim at seryoso sa buhay ng babae.

Ngunit nagpatuloy siya: "Maaari kong dalhin ang pamilya ko rito at magiging magkakaibigan tayo."

"Naiintindihan ko ang ibig mong sabihin." Ngumiti ang babae bumaba ang boses at lumutang ang bahagyang mapaglarong himig ng isang geisha. "Mas gusto ko pa nga ang gayon. Mas magtatagal kung magiging magkaibigan lamang tayo."

"Itatawag mo ako ng iba kung gayon?"

"Ngayon?"

"Ngayon."

"Pero ano ang masasabi mo sa isang babae e araw na araw?"

"Kung gabi, napakadelikadong may matirang latak na di gusto ng sinuman."

"Akala mo'y mababang klaseng bukal ang bayang ito tulad ng iba. Parang alam mo na pagkakita mo pa lang." Naging seryoso na naman ang tono ng babae. Inulit nito nang may diing tulad ng dati na walang babae rito tulad ng kanyang kursunada. Nang ayaw maniwala ni Shimamura, nagsiklab ang babae, at pagkaraa'y umurong ng isang hakbang. Depende sa babae kung mananatili siya sa gabi o hindi. Kapag nanatili siya nang walang permiso mula sa kanyang bahay, sariling responsibilidad niya iyon. Kung siya'y may permiso, malaki ang responsibilidad ng bahay, anuman ang mangyari. Iyon ang pagkakaiba.

"Buong responsibilidad?"

"Kung magkakaanak, o magkakaroon ng anumang sakit."

Bahagyang napangiwi si Shimamura sa kamalian ng kanyang tanong. Sa isang nayon sa bundok, gayuman, ang kasunduan ng geisha at ng kanyang kostumer ay maaari ngang gayon pa kasimple.

Sa pangkalahatan, ang bahay na nagmamantini ng geisha ay may kupas na kurtinang nag-aanunsyo na ito'y restawran o inuman ng tsa ngunit isang sulyap lamang sa lumang estilong dumudulas na pinto, na ang mga panel na papel ay nangingitim sa kalumaan, ay sapat na para magsuspetsa ang nagdaraan na kakaunti ang kostumer. Ang tindahang nagbebenta ng kendi o sarisaring gamit pang-araw-araw ay may isang geisha at ang may-ari ay may kapisasong bukid, bukod pa sa tindahan at sa geisha. Marahil, dahil nakatira ang babae sa titser ng musika, tila walang pumupuna sa pangyayaring hindi pa siya lisensiyado bilang geisha ay tumutulong na siya paminsan-minsan sa mga pagtitipon.

"Ilang lahat mayroon?"

"Ilang geisha?" Labindalawa o labintatlo, palagay ko.

"Sino ang irerekomenda mo?" Tumayo si Shimamura upang kulilingin ang katulong.

"Maaari na ba akong umalis?"

"Huwag. Miwan ka."

“Hindi ako maaaring magpaiwan.” Nangusap ang babae na parang binabawi ang pagkapahiya, “Aalis na ako. Huwag kang mag-alala. Babalik din ako.”

Nang pumasok ang katulong gayuman, naupo ang babae parang walang nangyari. Makailang itinanong ng katulong kung sinong geisha ang tatawagin, ngunit tumanggi ang babaeng magbigay ng pangalan.

Isang tingin lamang sa disiotso anyos na geisha na pinapasok sa kwarto ay naramdaman na ni Shimamura na nawala ang pangangailangan niya sa isang babae. Ang mga kamay nito na makutim sa ilalim ay hindi pa hustong nagkakalaman at may bagay ritong nagpapahiwatig ng isang mabuting batang hindi pa nahuhubog nang husto. Nahirapan si Shimamura na itagong wala na siyang interes at kunwa’y maginoo niya itong hinarap ngunit hindi niya maiwasang mas tumingin sa sumisibol na kaluntian sa bundok ng likuran nito...

Gayunman, nagawa niyang palipasin ang isang oras. Naghahanap ng dahilan para ito’y madispatsa, naalala niyang may pera nga pala siyang ipinatelegrama mula sa Tokyo. Kailangan niyang pumunta sa opisina ng koreo bago ito magsara, sabi niya, at silang dalawa ng geisha ay lumabas ng silid.

Ngunit sa pinto ng otel, tinukso siya ng bundok. Matindi ang amoy ng mga bagong sibol na dahon. Patakbo siyang umakyat dito.

Pagkaraa’y nagtawa siya nang nagtawa na sarili niya mismo’y hindi niya alam kung ano ang nakakatawa.

Pagod na ngunit nasisiyahan, bigla siyang luminga at hinihigpitan ang obi ng kanyang kimono, patakbo at pasugod siyang bumaba sa dalisdid. Dalawang dilaw na paruparo ang lumipad sa kanyang paanan.

Paikut-ikot ang mga paruparo at lumipad paitaas sa linya ng hangganan ng bundok, ang dilaw na kulay ay naging puti sa malayo.

“Ano’ng nangyari?” Nakatayo ang babae sa ilalim ng mga punong cedar. “Masayang-masaya ka siguro dahil panay ang tawa mo.”

“Suko na ako.” Tumalikod ang babae at marahang lumakad sa kulumpon ng mga puno. Tahimik na sumunod si Shimamura.

Isang templo ang nasa loob ng kakahuyan. Naupo ang babae sa isang malapad na bato. Sa tabi ay may mga asong nililok sa bato na nilulumot na.

“Laging malamig dito. Malamig ang hangin maski sa kalagitnaan ng tag-araw.”

“Gano’n ba’ng lahat ang geisha?”

“Halos magkakatulad sila, palagay ko. Ilan sa medyo may-edad ang nakaaakit kung isa sa kanila ang nagustuhan mo.” Nakatingin ang babae sa lupa at malamig ang kanyang pagsasalita. Humuhugis sa kanyang leeg ang matingkad na kaluntian ng mga cedar.

Tiningala ni Shimamura ang sanga ng mga cedar. “Tapos na. Naubos na ang lakas ko – nakakatawa pero totoo.”

Mula sa likod ng malaking bato, tuwid ang katawan ng matataas na cedar, sobra ang taas kaya nakikita lamang ni Shimamura ang mga taluktok kung liliyad siya.

“Nagkamali ako. Nakita kita pagbabang-pagbaba ko mula sa bundok at inisip kong lahat ng geisha ay katulad mo.” Tumawa siya. Ngayo’y naalala niya ang ideang ibig niyang ilabas agad ang lahat ng lakas ng pitong araw sa kabundukan ay una niyang naisip nang makita niya ang kalinisan ng babaeng ito.

Tumitig ang babae sa ilog sa ibaba, malayo sa sikat ng panghapong araw. Medyo hindi nakatitiyak si Shimamura sa kanyang sarili.

“Nalimutan ko pala,” biglang sabi ng babae, pinipilit pagaanin ang pagsasalita. “Dinala ko ang tabako mo. Bumalik ako sa iyong kwarto kani-kanina at nalaman kong umalis ka. Inisip ko

kung saan ka maaaring nagpunta at nakita kitang patakpong umaakyat sa bundok. Pinanood kita mula sa bintana Nakakatawa ka. Eto.”

Dinukot nito ang tabako sa manggas ng kimono at nagsindi ng posporo para sa kanya.

“Hindi maganda ang ipinakita ko sa kawawang batang iyon.”

“Kung tutuusin naman, depende sa bisita kung gusto na niyang paalisin ang geisha.”

Sa katahimikan, umabot sa kanila ang dagundong ng ilog nang may supil na kalambutan.

“Kung hindi rin lang kasimbuti mo, naiisip kong nadaya ako kapag nakita kita pagkaraan.”

“Huwag mong sabihin sa akin iyan. Ayaw mo lang tanggapin na natalo ka. Gano’n kasimple.” May pagkutya sa boses ng babae ngunit nagkaroon ng isang bagong uri ng pagtatangi sa kanilang pagitan.

Nang maging malinaw kay Shimamura na ang babaeng ito lamang ang gusto niya sa umpisa pa lamang, tulad ng dati’y nagpaikut-ikot pa siya sa pagsasabi nito, nagsimula siyang mapoot sa sarili, at ang babae’y higit na gumanda. May bagay sa mahinahong babaeng ito na tumagos sa kanya matapos siyang tawagin nito sa lilim ng cedar.

Bahagyang malungkot, tila naninimdim, ang mataas at manipis na ilong ng babae, ngunit ang buko ng kanyang mga labi ay bumubuka at madulas na sumasara tulad ng isang maliit at magandang sirkulo ng mga linta...Ang gilid ng kanyang mga mata ay hindi umaangat o bumababa. Tila may isang espesyal na dahilan, tuwid itong nakaguhit sa kanyang mukha. May bagay na bahagyang nakatatawa rito ngunit mabining nakalaylay ang maikli at makapal niyang kilay upang pinidong takpan ang guhit. Walang katangi-tangi sa hubog ng kanyang bilog at may bahagyang tulis na mukha. Sa kanyang balat na tila porselana na pinatungan ng mapusyaw na rosas at sa kanyang leeg na tila sa bata pa, hindi pa hustong nagkakalaman ay nangingibabaw ang impresyon ng kalinisan, hindi ng tunay na kagandahan.

Ang dibdib niya’y matambok para sa isang babaeng nasanay sa mataas at mahigpit na obi ng isang geisha.

“Naglalabasan na ang mga langaw,” sabi ng babae na tumayo at pinagpag ang saya ng kanyang kimono.

Nag-iisa sa katahimikan, wala silang anumang maisip na sasabihin.

Alas diyes na marahil nang gabing iyon. Mula sa bulwagan, malakas na tumawag ang babae kay Shimamura at isang sandali pa, bumagsak ito sa kanyang kwarto na parang may nagsalya. Bumagsak ito sa harap ng mesa. Inihahampas ang lasing na kamay sa anumang nagkataong naroon, nagsalin ito ng isang basong tubig at sunud-sunod na lumagok.

Nang gabing iyon, lumabas ang babae upang sumalubong sa ilang manlalakbay na bababa mula sa bundok, mga lalaking naging kaibigan niya noong panahon ng skiing nang nakaraang taglamig. Inimbitahan siya ng mga ito sa otel, na pinagdausan nila ng magulong parti, kompleto hanggang geisha at ito’y nalasing.

Pabaling-baling ang ulo nito at tila hindi titigil sa kasasalita. Maya-maya’y natauhan ito. “Hindi ako dapat narito. Babalik na lang ako. Hahanapin nila ako.” Sumuray ito palabas sa kwarto.

Pagkaraan ng may isang oras, nakarinig si Shimamura ng di pantay na hakbang mula sa mahabang bulwagan, Parang hahapa-hapay ang babae, bumabangga sa dingding, natatalisod sa sahig.

“Shimamura, Shimamura,” malakas ang tawag ng babae. Hindi ako makakita, Shimamura.”

Ang tawag na iyon na walang pagtatangkang magkunwari ay hayag na puso ng isang babaeng nagpapatulong sa lalaking itinatangi. Nagitla si Shimamura. Dagli siyang bumangon.

Binutas ng daliiri ng babae ang panel na papel, kumapit ito sa balangkas ng pinto at mabigat na napasadlak sa kanya.

“Narito ka,” sabi ng babae. Yumayakap sa kanya, napaupo ito sa sahig. Sumandal ito sa kanya habang nagsasalita. “Hindi ako lasing. Sinong may sabing lasing ako? A, ang sakit, ang sakit. Talagang masakit. Alam ko’ng aking ginagawa. Bigyan mo ako ng tubig, gusto ko ng tubig. Pinaghalo ko ang aking ininom, nagkamali ako. Iyon ang pumapasok sa ulo. Masakit. May bote sila ng murang wiski. Pa’no ko malalamang mura iyon?” Pinunasan nito ng mga kamao ang noo.

Biglang-biglang lumakas ang ingay ng ulan sa labas.

Tuwing luluwagan ni Shimamura ang kanyang yakap, kahit bahagya lamang, nagmumuntikanang bumagsak ang babae. Mahigpit na nakapulupot ang kanyang braso sa leeg ng babae kaya nagulo ang buhok nito sa kanyang pisngi. Ipinasok niya ang isang kamay sa leeg ng kimono nito.

Idinagdag niya ang mga salitang pang-alo ngunit hindi ito sumagot. Parang harang na itiniklop nito ang braso sa ibabaw ng dibdib na kanyang hinihinging luwagan.

“Ano ka ba?” Mabangis na kinagat ng babae ang sariling braso na parang galit sa pagtangi nitong humarang. “Putang ‘na mo, putang ‘na mo. Tamad. Inutil. Inutil. Ano ba’ng nangyayari sa iyo?”

Gulilat na napaurong si Shimamura. May malalim na marka ng ngipin sa braso ng babae.

Ngunit hindi na ito tumutol. Nagpapaubaya sa kanyang kamay, nagsimula itong sumulat sa pamamagitan ng dulo ng daliri. Sasabihin nito sa kanya ang mga tao nitong gusto, anang babae. Pagkaraang maisulat ang pangalan ng may dalawampu o tatlung actor, isinulat nito, Shimamura, Shimamura,” nang paulit-ulit.

Ang katakam-takam na alon sa ilalim ng palad ni Shimamura ay uminit.

“Ayos na ang lahat.” Mahinahon ang kanyang boses. “Ayos na naman ang lahat.” Nakaramdam siya ng bagay na parang sa isang ina sa babae.

Ngunit bumalik na naman ang sakit ng ulo nito. Nag-alumpihit at namilipit ang babae at naupo sa sahig sa sulok ng kwarto

“ayaw maalis. Ayaw maalis. Uuwi ako. Uuwi.”

“Palagay mo ba’y makakalakad ka nang gayon kalayo? Pakinggan mo’ng ulan.”

“kung kailanga’y tapak ako uuwi. Gagapang ako hanggang bahay.”

“at akala mo ba’y hindi delikado iyan? Kung kailangang mong umuwi ihahatid kita.”

Ang otel ay nasa isang burol at matarik ang kalsada.

“Subukan mong luwagan ang damit mo. Mahiga ka sandali nang mapahinga ka bago umuwi.”

“Hindi, hindi. Ito ang daan. Sanay ako rito.” Tuwid na naupo ang babae at huminga nang malalim, ngunit malinaw na nahihirapan itong huminga. Para raw itong masusuka, sabi nito at binuksan ang bintana sa likod ngunit hindi makasuka. Tila pinipigil nito ang darili na bumagsak nang namimilipit sa sahig. Maya’t maya’y natatauhan ito. “Uuwi ako, uuwi ako,” at di nagtagal ay pasado alas dos na.

“Mahiga ka kapag may nagsasabi sa iyo.”

“Pero ano’ng gagawin mo?” Tanong ni Shimamura.

“Mauupo ako rito. Ganito. Kapag bumuti-buti ang pakiramdam ko, uuwi ako. Uuwi ako bago mag-umaga.” Paluhod itong gumapang at hinila siya. “Matulog ka na. Huwag mo akong pansinin, sinasabi ko sa iyo.”

Nahiga uli si shimamura. Dumuhapang ang babae sa mesa at muling uminom ng tubig.

“Bangon. Bangon kapag may nagsasabi sa iyong bumangon.”

“Ano ba talaga ang gusto mong gawin ko?”

“sige, matulog ka na.”

“Alam mo, hindi kita maintindihan.” Hinatak ni Shimamura ang babae sa kama pagkaraan niyang mahiga.

Kalahati ng mukha nito’y nalatalikod, nakakubli sa kanya ngunit hindi nagtagal, marahas nitong ibinaling ang mga labi sa kanya.

At pagkaraan, parang nagdedeliryong sinasabi nito ang kanyang sakit, inulit-ulit ng babae, hindi malaman ni Shimamura kung ilang beses: “Hindi, hindi. Hindi ba sabi mo’y gusto mong magkaibigan tayo?”

Ang halos napakaseryosong tono nito ay nakapagpalamig sa kanyang gana at habang nakikita niya ang pagkulubot ng noo nito sa pagtatangkang kontrolin ang sarili, naisip niyang panindigan ang binitiwang pangako.

Ngunit sinabi ng babae: “Hindi ako magsisisi. Hindi ako kailanman magsisisi. Pero hindi ako ganoong babae. Hindi magtatagal. Hindi ba’t ikaw mismo ang may sabi niyan?”

Halos lito pa ang babae sa alak.

:Hindi ko kasalanan ito. Kasalanan mo. Talo ka. Ikaw ang mas mahina. Hindi ako.” Tila nahihibang na parang nilalabanan ang kaligayahan.

Ilang sandaling tumahimik ang babae sa malas ay naubusan ng sasabihin. Pagkaraan, tila ang pagkaalala’y dumating dito mula sa isang sulok ng gunita, nang-uusig ito: “Nagtatawa ka, ano? Pinagtatawanan mo ako.”

“Hindi.”

“Sa sarili mo’y pinagtatawanan mo ako. Kung hindi man ngayo’y pagkaraan. “Hindi ito makapagsalita sa pag-iyak. Tumalikod ito sa kanya at ibinaon ang mukha sa mga kamay.

Ngunit ilang sandali pa’y kalmante na naman ito. Mahinahon at maamo na tila ipinaubaya ang sarili, bigla itong naging masuyo at sinimulang ikwento ang lahat tungkol sa kanyang sarili. Parang nalimutan na nito ang sakit ng ulo. Wala itong sinabi tungkol sa nangyari lamang kanina.

“Aba, salita ako nang salita’y umaga na pala.” Bahagya itong ngumiti na tila napahiya. Kailangan niyang umalis bago lumiwanag, sabi nito. “Madilim pa. Pero maagang gumising ang mga tao rito.” Tuwi-tuwina’y tumatayo ito upang dumungaw. “Hindi pa nila ako mamumukhaan. At umuulan. Walang lalabas papuntang bukid ngayong umaga.”

Tila bantulot pa itong lumakad bagamat naaaninaw na. kahit umuulan, ang mga hugis ng bundok at mga atip sa dalisdid nito.

Nagbalik si Shimamura sa Tokyo nang araw na iyon.

“NATATANDAAN mo ba ang sinabi mo noon? Nagkamali ka. Sino’ng luku-luko ang pupunta sa gayong lugar sa Disyembre.” Hindi kita tinatawanan.”

Iniangat ng babae ang ulo. Ang pisngi nito, mula mata hanggang tulay ng ilong na dumagan sa kamay ni Shimamura ay namumula sa ilalim ng makapal na polbo. Nagpaalala kay Shimamura ang lamig sa lupain ng yelo ngunit dahil sa kaitiman ng buhok ng babae, may tanging init dito.

Banayad na ngumiti ang babae, tila nasisilaw sa isang matinding liwanag. Marahil nang siya’y ngumiti, nagunita niya ang “noon” at pinamula ng mga kataga ni Shimamura ang buong katawan nito. Nang yumuko ang babae, nang may bahagyang katigasan, nakita ni shimamura na pati ang likod nito sa ilalim ng kimono ay matingkad na namumula. Naiiba dahil sa kulay ng buhok, parang hubad na inilatag sa harap niya ang mamasa-masa at nakatutuksong balat. Ang buhok nito’y hindi naman masasabing makapal. Kasintigas ng sa lalaki at nakapusod pataas ayon sa estilo ng buhok ng Haponesa, wala ni isang naligaw na buhok at nagniningning itong tila isang mabigat at maitim na bato.

Minasdan ni Shimamura ang buhok at inisip kung ang lamig na labis na gumitla sa kanya – kailanma’y hindi siya nakahipo ng gayon kalamig na buhok, sabi niya – ay hindi dahil sa lamig ng taglamig sa lupain ng yelo kundi dahil sa isang bagay sa buhok mismo. Nagsimulang magbilang ang babae sa mga daliri. Ilang sandali itong nagbilang.

“Anong binibilang mo?” tanong ni Shimamura. Nagpatuloy pa rin ang pagbibilang.

“Noo’y ikadalawampu’t tatlo ng Mayo.”

“Binibilang mo pala ang araw. Huwag mong kalilimutan, ang Hulyo at Agosto ay dalawang magkasunod na mahahabang buwan.”

“Ikaisandaan at siyamnapu’t siyam na araw. Exaktong ikaisandaan at siyamnapu’t siyam na araw.”

“Paano mo natandaang iyo’y ikadalawampu’t tatlo ng Mayo?”

“Titingnan ko lang ang diary ko.”

“Nagda-diary ka?”

“Masarap basahin ang lumang diary. Pero wala akong itinatago kapag sumusulat ako sa aking diary. Kung minsan nga’y nahihiya pa akong basahin ito.”

“Kailan mo sinimulan?”

“Noong bago ako magpunta ng Tokyo bilang geisha. Wala akong pera at ang binili ko’y simpleng notebook, na aking ginuhitan...Nang magkaroon ako ng pambili ng diary, hindi na katulad ng dati na napakaingat ko. Sinimulan kong ipagwalang-bahala ang mga bagay. Gano’n din sa pagpapraktis kong sumulat. Dati nagpapraktis muna akong sumulat sa diyaryo bago ko subukin sa mahusay na papel pero ngayon, sa mahusay na papel na mismo ako nagsisimula.”

“At hindi ka tumigil sa paggawa ng diary?”

“Oo. Mula noong disisais ako, pero ang pinakamaganda’y ngayong taong ito. Sumusulat ako sa aking diary pagdating ko mula sa isang parti bago mahiga at kapag binasa ko uli, nakikita ko ang mga lugar kung saan ako nakatulog sa pagsulat..

Ngunit higit pa sa diary, nagulat si Shimamura sa sinabi ng babae na maingat nitong itinatala ang bawat nabasang nobela at maikling kwento mula nang ito’y kinse o disisais anyos. Sampung notebook na ang napuno nito.

“Isinusulat mo rin ang iyong kritisismo?”

“Hindi ko kailanman kayang gawin iyon. Isinusulat ko lamang ang awtor at ang mga tauhan at kung ano ang relasyon nila sa isa’t isa. Iyon lang.”

“Pero anong napapala mo?”

“Wala.”

“Pagsasayang lang ng oras.”

“Pagsasayang lang talaga ng oras,” masayang tugon nito na parang bale-wala ang gayong pagtanggap. Mataman itong tumitig kay Shimamura, gayunman.

Lubos na pagsasayang ng oras. Sa kung anong dahilan, ibig idiin ni Shimamura ang puntong ito. Ngunit naaakit siya sa babae nang sandaling iyon at naramdaman niyang umaagos sa kanya ang isang katahimikang katulad ng boses ng ulan. Alam niyang para sa babae ay hindi ito pagsasayang ng oras, ngunit kahit gayon ang pagpapasyang ito nga’y pagsasayang ay nagkaroon ng epektong patiningin at dalisayin ang karanasan nito.

Ang kwento nito tungkol sa mga nobela ay tila walang kinalaman sa “panitikan” sa pang-araw-araw na kahulugan ng salitang ito. Ang tangi nitong karanasan sa pakikipagkaibigan sa mga nakatira sa nayon ay pakikipagpalitan ng mga magasing pambabae at pagkaraa’y mag-isa na lamang itong nagbabasa. Hindi ito gaanong pihikan at kakaunti ang naiintindihan sa panitikan at hinihiram nito maging mga nobela at magasing nakita sa kwarto ng mga panauhin sa otel.

Masaya ring nagkwento ang babae ng mga pelikula at dulang hindi nito napanood kailanman. Halatang sa mga nagdaang buwan ay labis itong nasabik sa isang taong makikinig. Nalimutan na kaya nito na isandaan at siyamnapu't siyam na araw na ang nakaraan, ganitung-ganito ring klase ng usapan ang nagsilbing udyok upang isadlak nito ang sarili kay Shimamura? Muli, natangay ang babae sa kwentuhan at muli ang mga kataga nito'y tila nagpapainit sa sariling katawan.

Ngunit ang pagnanasa nito sa lungsod ay nagmistulang isang mapaghanap na pangarap, nababalot ng simpleng pagpapaubaya sa kapalaran at ang himig ng nasayang na panahon ay higit na matingkad kaysa anumang pahiwatig ng matinding pagkabigo ng isang nanirahan doon. Sa sarili'y tila hindi gaanong malungkot ang babae ngunit sa tingin ni Shimamura, may kakatwang bagay tungkol ditto na nakakaawa. Kung pababayaang niya ang sariling patangay sa isipan ng nasayang na panahon, palagay ni Shimamura ay mahahatak siya sa isang malayong emosyonalismo at masasayang din ang sarili niyang buhay. Ngunit nasa harap niya ngayon ang maliksi, buhay na mukha ng babae, namumula sa hangin ng kabundukan.

Ano't anuman, binago niya ang pagtingin sa babae at natuklasan niya, nakapagtataka, na ang pagiging geisha nito ay lalong nagpahirap sa kanya para maging malaya at bukas dito.

Lasing na lasing nang gabing iyon, mabangis na kinagat ng babae ang kamay na dahil sa pamamanhid ay ayaw gumalaw sa kanyang utos. "Ano ka ba? Putang 'na mo, putang 'na mo. Tamad. Inutil. Ano bang nangyayari sa iyo?"

At hindi makatayo, pabiling-biling itong gumulong. "Hindi ako kailanman magsisisi. Pero hindi ako gayong babae. Hindi ako gayong babae."

"Biyaheng hantinggabi papuntang Tokyo." Tila namalayan ng babae ang kanyang pagbabantulot, at nangusap ito na parang iyo'y itinataboy. Sa silbato ng tren, tumayo ito. Pahaltak nitong binuksan ang pintong may panel na papel at ang bintanang nasa likod naupo sa pasimano at inihilig ang katawan sa barandilya. Rumaragasang palayo ang tren, ang alingawngaw ay naglaho at naging isang tunog na katulad ng panggabing hangin. Bumaha ang malamig na hangin sa kwarto.

Nasisiraan ka ba ng ulo?" Humakbang din si Shimamura patungo sa bintana. Tahimik sa labas, walang pahiwatig ng hangin.

Nang maramdaman ng babae ang paglapit ni Shimamura, yumakap ito sa barandilya. Walang pahiwatig ng kahinaan sa ganitong posisyon. Manapa, sa dilim ng gabi, ito ang pinakamalakas at pinakamahigpit na pag-iwas na maaari niyang gawin. Narito na naman tayo, naisip ni Shimamura.

Maitim man ang mga bundol, nang mga sandaling iyo'y maningning ito dahil sa kulay ng yelo. Kay Shimamura, ang mga bundok ay tila tagusan, tila mapanglaw. Nawala ang kaisahan ng langit at bundok.

Sinalat ni Shimamura ang lalamunan ng babae. "Masisipon ka. Nakita mo nang malamig dito." Tinangka niyang hilahin ang babae ngunit ito'y kumapit sa barandilya.

"Uuwi ako." Impit ang boses nito.

"Sige, umuwi ka."

"Bayaan mo muna akong ganito."

"Mananaog ako para maligo."

"Hindi samahan mo ako rito."

"Kung isasara mo ang bintana."

"Bayaan mo lang akong ganito."

Kalahati ng nayon ang nagtatago sa likod ng kulumpon ng cedar sa templo. Sa istasyon ng tren, walang sampung minuto sa taxi, umaandap-andap ang ilaw na parang ito'y naglalamat dahil sa lamig.

Ang buhok ng babae, ang salamin ng bintana, ang manggas ng kanyang kimono – ang lahat ng kanyang hipuin ay malamig. Malamig na kailanma’y hindi pa niya naranasan.

Maging ang banig sa kanyang paa ay tila malamig. Humakbang siyang pababa sa banyo.

“Sandali. Sasama ako sa iyo.” Mabait na sumunod ang babae.

Nang inaayos na nito ang mga damit na inihagis ni Shimamura sa sahig sa labas ng banyo, isa pang panauhin, isang lalaki ang pumasok. Yumuko ang babae sa harap ni shimamura at itinago ang mukha.

“Aba, may tao pala.” Umurong ang lalaki

“Sandali,” mabilis na tawag ni Shimamura. “Lilipat kami sa kabilang pinto,” Dinampot niya ang mga damit at humakbang sa banyo ng babae. Sumunod sa kanya ang babae na parang sila’y mag-asawa. Lumusong si Shimamura sa banyo nang di lumilingon. Naramdaman niyang lumabas ang isang malakas na tawa sa kanyang labi nang malaman niyang kasama niya ito. Inilapit niya ang mukha sa gripo ng mainit na tubig at maingay na nagmumog.

PAGKABALIK SA KWARTO, iniangat ng babae ang ulo mula sa unan at itinaas ang buhok sa gilid sa pamamagitan ng maliit na daliri.

“Labis akong pinalulungkot nito,” anang babae. Iyon lamang ang sinabi nito. Ilang sandaling naisip ni Shimamura na medyo nakadilat ang mata ng babae, ngunit nakita niyang likha ng makapal na pilikmata ang ilusyong iyon.

Ang babae na laging hindi mapalagay ay buong gabing hindi nakatulog.

Marahil ay ingay ng itinataling obi ang gumising kay Shimamura.

“Ikinalulungkot ko, nagising kita. Pinabayaan na sana kitang matulog. Madilim pa. Tingnan mo – nakikita mo ba ako?” Pinatay nito ang ilaw. “Nakikita mo ba ako? Hindi?”

“Hindi. Napakadilim pa.”

“Hindi, hindi. Tingnan mo akong mabuti. Ayan. Nakikita mo na ako?” Binuksan nito ang bintana. “Masama ito. Nakikita mo ako. Uuwi na ako.”

Muling nabigla sa lamig ng umaga, iniangat ni Shimamura ang ulo mula sa unan. Kulay pa rin ng gabi ang langit ngunit sa kabundukan, umaga na.

“Pero hindi bale. Hindi gaanong abala ang mga magsasaka sa panahong ito at walang lalabas nang ganito kaaga. Pero palagay mo ba’y may aakyat ngayon sa bundok?” Kinakausap ng babae ang sarili at lumakad-lakad, nahihila nito ang nakalawit na dulo ng itinataling obi. Walang dumating na panauhin sa biyaheng alas singko mula sa Tokyo. Wala pang gaanong trabaho ang mga tao sa otel.”

Kahit naitali na ang obi, tumayo ito at umupo at tumayo uli at naglakad-lakad sa kwarto, sa bintana nakatingin. Hindi ito mapakali, tulad ng isang alumpihit na hayop panggabi na natatakot sa pagdating ng umaga. Tila napapaibabawan ng isang kakatwa at may mahikang kabaliwan.

Mayamay’y napakaliwanag na sa kwarto kaya nakikita na ni Shimamura ang pula sa pisngi ng babae. Pumako ang kanyang mata sa napakatingkad at nangingislap na kapulahan ito.

“Nagliliyab ang pisngi mo. Ganyan kalamig ngayon.”

“Hindi ito dahil sa lamig. Tinanggal ko lang ang aking polbo. Magkulubong lamang ako sa kama’y iinit na akong tulad ng isang pugon.” Lumuhod ang babae sa salaming nasa tabi ng kama.

“Araw na. Uuwi na ako.”

Sinulyapan siya ni Shimamura at dagling itinungo ang tingin. Yelo ang puting nasa kalaliman ng salamin at lumulutang sa gitna nito ang mapula at nangingislap na pisngi ng babae. May hindi mailarawang sariwang kagandahan sa pagkakaiba.

Sikat na nga ba ang araw? Mas matindi ngayon ang liwanag ng araw, tila malamig itong nasusunog. Sa harap nito, lalong naging maitim ang buhok ng babae, pinatungan ng matingkad at makislap na pula.

MARAHIL, para mapigil ang pagtambak ng yelo ang tubig sa mga banyo ay pinaagos sa paligid ng pader ng otel sa pamamagitan ng isang pansamantalang kanal at sa harap ng entrada, kumalat itong tila isang mababaw na bukal. Isang malaki at itim na aso ang nakatayo sa bato sa tabi ng pinto at dumidila-dila sa tubig.

Sa pagtatapos ng taon, ang kalsada’y hindi na makikita dahil sa bagyo ng yelo. Sa pagdalo sa mga parti, kakailanganin ng babae na magsuot ng mataas na botang goma, ng lawlaw na “pantalong pambundok” sa ibabaw ng kanyang kimono, magbabalabal ito ng isang kapa at tatakpan ang mukha ng isang belo. Sa panahong iyon, mga sampung talampakan marahil ang kapal ng yelo – bago mag-umaga’y dinungaw ng babae ang matarik na kalsada sa gulod at ngayon, bumababa na si Shimamura sa kalsada ring ito.

Sa mga bukid, nag-i-ski ang mga batang nayon.

Nang papasok si Shimamura sa parte ng nayon na kaharap ng haywey, nakarinig siya ng isang tunog na tila mahinang ulan.

Sa mga medyo-agwa, mabining kumikislap ang naglawit na piraso ng nagyeyelong tubig.

Binabasag ng mga bata ang yelo mula sa kanal at ang mga piraso’y ibinabalibag sa gitna ng kalsada. Pinagkakatuwaan nila ang kislap ng tumataksik na yelo habang nadudurog. Habang nakatayo sa liwanag ng araw, hindi makapaniwala si Shimamura na gayon kakapal ang yelo. Sandali siyang tumigil para manood.

Naririnig ni Shimamura ang kagat ng katam ng karpintero sa isang gawaan ng ski, mga pito o walong pinto pababa sa kalsada. Mga lima o anim na geisha ang nagdadaldalan sa lilim ng kabayong medya-agwa. Sa mga ito, natitiyak ni Shimamura, kabilang ang babae, si Komako – nalaman niya ang pangalan nito bilang geisha sa isang katulong nang umagang iyon. At totoo nga, naroon ito. Sa malas, napansin siya nito. Inihihiwalay ito ng napakaseryosong mukha sa ibang geisha. Mangyari pang mamumula ito at sana makapagkunwari man lamang itong walang nangyari – ngunit bago pa masundan ni Shimamura ang naisip, nakita niyang namumula na ito hanggang lalamunan.

Nag-aapoy din ang mga pisngi ni Shimamura. Mabilis siyang lumampas sa mga geisha ngunit dagli siyang sinundan ni Komako.

“Sandali, “ habol nito, “hinihiya mo ako sa paglalakad sa ganitong panahon.”

“Ipinahiya kita- at akala mo ba’y hindi rin ako napapahiya nariyan kayong lahat para abangan ako? Halos hindi ako makaraan dito. Ganito ba lagi?”

“Oo, sa ganitong oras. Sa hapon.”

”Pero palagay ko’y lalo kang mapapahiya kung ganyang namumula ka’t naghahabol sa akin.”

“Ano kung mapahiya ako?” Malinaw at tiyak ang mga salita ngunit namumula na naman ito. Tumigil ito at ipinupulupot ang isang kamay sa isang punong persimmon sa gilid ng kalsada. “Hinabol kita dahil naisip kong baka maaari kitang imbitahan sa aking bahay.”

“Malapit ba rito?”

“Napakalapit.”

“Pupunta ako kung ipababasa mo sa akin ang iyong diary.”

“Susunugin ko ang aking diary bago ako mamatay.”

“Pero hindi ba mayroong may-sakit na lalaki sa inyong bahay?”

“Paano mo nalaman?”

“Sinalubong mo siya sa istasyon kahapon. May suot ka pang matingkad na asul. Malapit sa kanya ang upuan ko sa tren. At may kasama siyang babae, napakabait na inaalagaan siya. Asawa ba niya? O isang sumundo para siya’y iuwi? O isang taga-Tokyo? Para talagang siyang ina. Humanga ako.”

“Bakit hindi mo man lang binabanggit kagabi? Bakit napakatahimik mo?” May bagay na bumabalisa rito.

“Asawa ba ng lalaki?”

Hindi sumagot si Komako. “Bakit wala kang sinabi kagabi? Nakapagtataka kang tao.”

Hindi nagustuhan ni Shimamura ang ganitong katalasan. Wala siyang nagawa at walang nangyaring anuman para sa ganitong usapan at iniisip niyang baka may bagay na likas sa babae na itinatago nito at ngayon lumilitaw. Gayunman, nang puntahan siya nito sa ikalawang pagkakataon, tinanggap niyang tinatamaan siya sa isang marupok na bahagi. Ngayong umaga nang sulyapan niya si Komako sa salaming kinakikitaan din ng yelo, mangyari pang nagunita niya ang babaeng nasa bintana ng panggaging tren. Bakit wala siyang sinabing anuman?

“E ano kung meron mang may-sakit na lalaki? Walang sinumang nakakapasok sa kwarto ko.” Lumusot si Komako sa bukas na bahagi ng isang mababang pader na bato.

Sa kanan nila ay may isang maliit na bukid at sa kaliwa naghilera ang mga punong persimmon sa pader na hangganan ng katabing bukid. Tila may hardin ng bulaklak sa harap ng bahay at lumalangoy ang mga pulang larpa sa lawa-lawang may lotus. Binasag ang yelo sa lawa at itinambak sa pampang. Matanda na at nabubulok ang bahay tulad ng tuyot nang puno ng isang persimmon. May patse-patse ng yelo sa atip, nakalundo ang mga kilo na alun-along nakaguhit sa medya-agwa.

Kulob at malamig ang hangin sa sahig na lupa ng pasilyo. Inakay ni Komako si Shimamura paakyat sa hagdan bago nasanay ang kanyang mata sa dilim. Matatawag nga iyong hagdan pagkat ang kwarto ni Komako ay nasa attic, sa ilalim mismo ng bubong.

“Ang kwartong ito’y dating alagaan ng uod na kinukunan ng seda. Nagulat ka ba?”

“Maswerte ka ‘ka mo. Sa lakas mong uminon mabuti’t hindi ka nahulog.

“Nahulog na ako. Pero karaniwan kapag sumobra ang naimon ko, gumagapang ako sa kotatsu sa ibaba at doon natutulog.” Tinatanyang ipinasok nito ang kamay sa kotatsu, pagkaraa’y bumaba upang kumuha ng uling.

Luminga-linga si Shimamura sa kakatwang kwarto. Kahit iisa lamang ang mababang bintana, sinasangga ng bagong palit na papel sa pinto ang sikat ng araw. Ang mga dingding ay matiyagang dinikitan ng papel kaya ito’y natulad sa loob ng isang kahong papel. Ngunit kahit dukha ang mga dingding at sahig, wala iyong kadumi-dumi.

Sa ilang sandali, naguni-guni ni Shimamura na sa silid na ito tumatagos marahil ang liwanag kay Komako, tulad ng pagtagos nito sa maninipis na balat ng mga uod.

Ang kotatso ay natatakpan ng isang makapal na kumot katulad ng magaspang at guhitang telang koton ng karaniwang “pantalong bundok.” Luma na ang aparador ngunit ang hilatsa ng kahoy ay pino at tuwid – naipundar marahil ni komako noong ito’y nasa Tokyo.

Paluksong umakyat ng hagdan si Komako, may dalang uling.

“Galing ito sa silid ng maysakit. Huwag kang mag-alala, ang apoy daw ay hindi nagkakat ng mikrobyo.” Halos sumagi sa kotatsu ang bagong ayos nitong buhok nang haluin nito ang uling. May tuberculosis sa bituka ang anak ng titser sa musika, aniya at umuwi sa kinagisnang bahay para mamatay.

Pero hindi tamang sabihing ito’y “umuwi sa kinagisnang bahay.” Ang totoo, ni hindi ito ipinanganak dito. Bahay ito ng kanyang ina. Nagturo ng sayaw ang kanyang ina sa baybayin maging nang ito’y hindi na geisha ngunit inatake ito sa puso noong nasa edad kwarenta at kinakailangang

bumalik sa bukal na ito para magpagaling. Ang anak, ang ngayo'y maysakit ay mahilig sa makina maging noong bata pa at nagpaiwan upang magtrabaho sa isang pagawaan ng relo. Hindi nagtagal, lumipat ito sa Tokyo at nagsimulang mag-aral sa gabi, at hindi ito nakaya ng kanyang katawan. Beinte singko anyos pa lamang ito.

Lahat ng ito'y walang anumang isinalaysay ni Komako ngunit wala itong sinabing anuman tungkol sa babaeng nag-uwi ng lalaki at wala rin kung bakit mismo'y nakatira sa bahay na ito.

Sa sinabi ni Komako, gayuman, lubos na hindi mapalagay si Shimamura, Nakabitin sa kawalan,. Parang nagsalaysay si Komako sa apat na direksyon.

Nang lumabas sa pasilyo si Shimamura, may napansin siyang bagay na mamuti-muti sa sulok ng kanyang mga mata. Kahon ito ng samisen at napuna niyang mas malapad ito at mahaba kaysa nararapat na sukat. Hindi niya mapaniwalaan na nadadala ni Komako ang ganito kahirap dalhing bagay sa mga pagtitipon. Bumukas ang madilim na pinto sa loob ng pasilyo.

“Pwede ko bang tapakan ito, Komako?”

Iyo'y malinaw na boses, napakaganda kaya halos malungkot. Boses iyon ni Yoko, ang boses na tumawag sa station master sa kabila ng makapal na yelo nang gabing nagdaan.

“Sige lang.”

Magaang na tumapak si Yoko sa kahon ng samisen hawak ang isang kristal na orinila.

Sa pamilyar na paraan ng pagkausap nito sa station master nang gabing nagdaan at sa paraan ng pagsusuot nito ng “pantalong bundok,” malinaw na ito'y katutubo sa lupaing ito ng yelo ngunit ang lutang na burda ng obi nito na kalahati'y kita sa ibabaw ng pantalon ay nagpasariwa at nagpasaya sa magaspang na mapulang kayumanggi at itim na guhit ng pantalon. Sa ganito ring dahilan ang mahabang manggas ng lanang kimono nito ay nagkaroon ng isang natatangi at mapanuksong halina. Ang pantalon, na biyak sa ibaba ng tuhod ay humakab sa balakang at ang makapal na telang koton kahit natural na matigas ay tila numipis at lumambot.

Pinukulan ni Yoko ng mabilis at matalim na sulyap si Shimamura pagkaraa'y tahimik na humakbang sa lupang sahig at lumabas.

Maging nang makaalis na siya ng bahay, binabagabag pa rin si Shimamura ng sulyap na iyon na nagliliyab sa harap mismo ng kanyang noo. Kasinlamig ito ng isang napakalayong liwanag pagkat ang hindi mailarawang kagandahan nito ay nagpasikdo ng kanyang puso nang gabing tumawid sa mukha ng babae sa bintana ng tren at sandaling tinanglawan ito. Muling nagbalik ang impresyon kay Shimamura at kahalo nito ay ang gunita ng isang salaming puno ng yelo at lumulutang ang namumulang pisngi ni Komako sa gitna.

Binilisan niya ang lakad. Bilugan at mahaba ang kanyang hita ngunit saklot siya ng isang natatanging sigla habang lumalakad na nakatitig sa mga bundok na labis niyang kinagigiliwan. Bumilis ang kanyang hakbang kahit ito'y halos hindi niya namamalayan. Laging nakahandang patangay sa gising na pangangarap. Hindi niya mapaniwalaan na ang salaming lumulutang sa panggabing tanawin at ang isa pang salamin na puno ng yelo ay sadyang likha ng tao. Ang mga ito'y bahagi ng kalikasan at bahagi ng isang tila napakalayong daigdig.

At ang kwartong nilisan niya ngayon lamang ay naging bahagi na rin ng napakalayong daigdig na iyon.

Nagitla sa sarili at nangailangan ng isang bagay na makakapitan, tumigil siya sa harap ng isang bulag na masahista sa tuktok ng burol

“Pwede mo ba akong masahihin?”

“Sandali. Anong oras na ba?” Kinipkip ng masahista ang tungkod at pagkadukot sa isang may takip na pambulsang relo sa obi ay kinapa ng kaliwang kamay nito ang oras. “Alas dos treinta’y

singko. May nagpapamasahe sa akin sa makalampas ang istasyon nang alas tres medya. Pero pwede naman siguro akong mahuli.”

“Ang galing tumingin ng oras,”

“Walang salamin kaya nakakapa ko ang mga kamay.”

“Nakakapa mo ang mga numero?”

“Hindi mga numero.” Muli nitong inilabas ang relo na yari sa pilak, malaki para sa isang babae at pinitik ang takip. Inilatag nito ang mga daliri sa mukha, ang isa’y sa alas dose at ang isang sa alas saits at ang pangatlo sa gitna sa ala tres. Tumatama rin naman ang pagbasa ko ng oras. Maaaring huli ako nang isang minuto pero hindi ako kailanman pumapaltos nang hanggang dalawang minuto.”

“Hindi ka ba nadudulas sa kalsada?”

“Sinusundo ako ng anak kong babae kapag umuulan. Sa gabi, mga tao sa nayon ang minamasahe ko at hindi ako nakakarating nang ganito kalayo. Nagbibiruang lagi ang mga tao sa otel, sabi’y ayaw daw akong palabasin ng asawa ko kung gabi.”

“Malaki na ba’ng anak mo?”

“Dose anyos ang panganay kong babae.” Narating nila ang kwarto ni shimamura at sandali silang natahimik nang magsimula na ang pagmamasaha. Mula sa malayo, umabot sa kanila ang tunog ng isang samisen.

“Sino kaya iyon?”

“Nahuhulaan mo ba kung sinong geisha sa tunog lang?”

“Iyong iba. Ang iba’y hindi. Hindi ka dapat magtrabaho. Tingnan mo ang kinis-kinis at ang labu-lambot mo.”

“Wala akong matigas na masel.”

“Matigas dito sa may puno ng leeg. Pero tamang-tama ka lang, hindi masyadong mataba, hindi masyadong payat. Hindi ka umiinom ano?”

“alam mo kung umiinom?”

“may tatlo akong kostumer na katulad ng katawan mo.”

“Karaniwang katawan.”

“Pero kung hindi ka iinom, hindi mo naman malalaman kung paano mo talaga mapapasarap ang buhay mo – ang makalimutan ang lahat ng nangyayari.”

“Umiinom ang asawa mo, ano?”

“Sobra.”

“Pero kung sino man iyon hindi siya gaanong mahusay tumugtog.”

“Mahina talaga.”

“Noong bata pa ako. Mula noong ako’y walo hanggang maglabinawalo. Labinlimang taon na akong hindi tumutugtog. Mula nang mag-asawa ako.”

Lahat kaya ng bulag ay mukhang mas bata kaysa kanilang itsura? Naisip ni Shimamura.

“Pero kapag natuto ka nang bata pa, hindi mo na malilimutan.”

“Nasira ang kamay ko sa trabahong ito pero magaling pa ang aking tainga. Hindi ako mapalagay kapag naririnig ko sila. Pero palagay ko’y hindi rin ako kuntento sa sarili kong pagtugtog noong bata pa ako.” Sandaling nakinig ang masahista. “Si Fumi siguro sa Izutsuya. Pinakamadaling malaman ang pinakamagaling at pinakamahina.”

“May magagaling?”

“Napakagaling ni Komako. Bata pa siya pero alam mo naman hindi masyadong mataas ang pamantayan namin dito sa bundok.”

“Hindi ko siya talagang kilala. Pero nakasakay sa tren kagabi ang anak ng titser ng musika.”

“Gumaling na uli?”

“Mukhang hindi.”

“Siyanga? Matagal siyang nagkasakit sa Tokyo at sinasabi nilang naging geisha si Komako noong nakaraang tag-araw para makatulong sa pagbabayad sa doktor. Ewan ko kung nakatulong.”

“Si Komako ba ‘ka mo?’”

“May kasunduan pa lamang sila. Pero palagay ko, gumagaan ang kalooban ng isang tao kapag ginawa ang lahat ng makakaya niya.”

“Kasunduan ba ‘ka mo?’”

“Sabi nila. Ewan ko, pero iyan ang balita,”

Napakakaraniwang bagay ang makarinig ng tsisimis tungkol sa geisha mula sa isang masahista ng bukal ngunit kabaligtaran at lalong nakakagulat ang naging epekto nito; ang pagpasok ni Komako bilang geisha para tulungan ang nobyo niya ay karaniwang kwentong nakaiiyak kaya natagpuan ni Shimamura ang sarili na halos hindi matanggap. Marahil ilang konsiderasyong moral – mga kwestiyon kung tama o maling ipagbili ang sarili bilang geisha – ang nakadagdag sa pagtangi.

Iniisip ni Shimamura na gusto niyang halukayin pa ang kasaysayan ni Komako ngunit hindi na nagsalita ang masahista.

Kung may kasunduan na ang lalaki at si Komako at kung si Yoko ang bago nitong kalaguyo, at ang lalaki’y malapit nang mamatay – muli na namang nagbalik kay Shimamura ang ekspresyong “nasayang na pagsisikap”. Kung magiging tapat sa pangako si Komako hanggang wakas at ipagbibili pa nito ang sarili para makabayad lamang sa diktor – ano pa ba ito kundi na nasayang na pagsisikap?

Tatapatin niya si Komako sa katotohanang ito, ipamumukha niya kapag nagkita uli sila, sabi niya sa sarili; gayunman, ang buhay nito’y tila naging mas dalisay ay mas malinis dahil sa bagong pagkaalam nito.

Namamalayan ang nakakahiyang panganib sa kanyang manhid na pakiramdam sa kung ano ang huwad at hungkag, nakahigang pinagtuunan ito ng isip ni Shimamura, sinisikap madama ito kahit matagal nang nagpaalam ang masahista. Nanlalamig siya hanggang sa kalaliman ng kanyang sikmura ngunit may nakaiwan sa bintana nang bukas na bukas.

Lumatag na ang kulay ng gabi sa lambak ng bundok, maaga itong nalibing sa mga anino. Sa takipsilim na ngayo’y nanganganinag pa sa liwanag ng lumulubog na araw, tila lumalapit ang malayong bundok.

Di nagtagal nang ang mga pagitan ng bundok ay nagiging malayo at malapit, mataas at mababa, ang mga anino nito ay nagsimulang lumalim at pumula ang langit sa taluktok ng bundok na mayelo na ngayo’y napapaliguan na lamang ng isang maputlang liwanag.

Nangingitim na nakatayo ang mga kulumpon ng cedar sa pampang ng ilog, sa laruang ski, sa paligid ng templo.

Tulad ng isang mainit na liwanag, bumuhos si Komako sa hungkag na pagkabalising bumaba gabay kay Shimamura.

May miting sa otel para pag-usupan ang mga plano sa panahon ng pag-iski. Ipinatawag si Komako para sa parti pagkaraan. Pinainit nito ang kamay sa kokatsu, pagkatapos ay maliksing tumayo at sinalat ang pisngi ni Shimamura.

“Maputla ka ngayong gabi. Nakapagtataka.” Hinila nito ang malambot na laman sa pisngi niya na parang ibig iyong babbakin. “Pero ikaw din ang may kasalanan.”

Lasing na nang kaunti si Komako. Nang bumalik mula sa parti, bumagsak ito sa harap ng salamin at halos nakatawa ang kalasingang ipinakita ang mukha nito. “Wala akong alam doon.

Wala. Masakit ang ulo ko. Ang sama ng pakiramdam ko. Masama. Gusto kong uminom. Bigyan mo ako ng tubig.”

Pinagdaop nito sa mukha ang dalawang palad at gumulong nang hindi iniintindi ang maingat na pagkakayos ng kanayang buhok. Mayamaya, bumangon uli ito at sinimulang tanggalin ang makapal na polbo sa pamamagitan ng malamig na krema. Matingkad na pula ang nasa ilalim. Mukhang nasisiyahan ito sa kanyang sarili. Kay shimamura, nakagugulat ang gayon kabilis na paglipas ng kalasingan. Kumikinig ang balikt ni Komako sa lamig.

Buong Agosto’y halos muntik na itong bumagsak. Sa matinding nerbiyos, sabi nito kay Shimamura.

“Akala ko’y mababaliw ako. Lagi akong nag-iintindi sa isang bagay na hindi ko alam kung ano. Nakakatakot.Hindi ako mapagkatulog. Nakokontrol ko lamang ang sarili ko kapag pumupunta ako sa isang parti. Kung anu-ano ang napapanaginipan ko at nawalan ako ng ganang kumain. Upo ako at kung ilang oras na dadagok sa sahig kahit sa kainitan ng araw.”

“Kailan ka unang naging geisaha?”

“Noong Hunyo. Inisip ko noong una na pumunta sa Hamamatsu.”

“Para mag-asawa?”

Tumango si Komako. Hinahabol siya ng lalaki para pakasalan ngunit hindi niya ito magustuhan. Matagal bago siya nakapagdesisyon.

“Pero kung ayaw mo sa kanya, ano ang mahirap sa desisyon.?”

“Hindi gayon kasimple.”

“Masarap ang may-asawa?”

“Tumigil ka. Mas malamang na gusto kong malinis at maayos ang lahat ng nasa paligid ko.”

Umungol si Shimamura.

“Alam mo, napakahirap mong kausaping tao.”

“May relasyon ba kayo ng lalaking taga-Hamamatsu?”

Isinigaw ni Komako ang sagot:”Kung mayroon, palagay mo ba’y magdadalawang-isip pa ako? Pero sinabi niyang hangga’t narito ako, hindi niya ako papayagang mag-asawa ng iba. Gagawin niya ang lahat para huwag matuloy.”

“Pero ano’ng magagawa niya mula sa malayong Hamamatsu? Iyon ba ang inaalala mo?”

Sandaling nag-inat si Komako, nilalaspang ang init ng sariling katawan. Nang muli itong magsalita. Kaswal na ang kanyang tono. “Akala ko’y buntis ako.” Humagigik ito. “Nakakatawa kapag naaalala ko ngayon.”

Namaluktok itong tila isang bata, at pagkaraa’y dalawang kamay na sinunggaban ang leeg ng kimono ni Shimamura.

Sa malago nitong pilikmata, muli na namang naisip ni Shimamura na kalahati lamang nakadilat ang mga mata nito.

NAKAUPO sa tabi ng painitang-bakal, may isinulat si Komako sa likod ng isang lumang magasin nang gumising si Shimamura kinabukasan.

“Hindi ako makakauwi ngayon. Bumangon ako nang magdala ng uling ang katulong, pero maliwanag na. Pumapasok na ang araw sa pinto. Nalasing ako nang kaunti kagabi at napasarpang ang tulog ko,”

“Anong oras na?”

“Alas otso.”

“Halika, maligo tayo.” Bumangon si Shimamura.

“Hindi ako pwedeng sumama. Baka may makakita sa akin sa bulwagan.” Napakaamo na nito ngayon. Nang bumalik si Shimamura mula sa paliligo, inabutan niya si Komako na matiyagang naglilinis ng kwarto, may panyong masining na nakatakip sa ulo.

Napakaingat na nitong napunasan ang mga paa ng mesa at ang gilid ng painitang-bakal at ngayo’y hinahalo ang uling ng sanay na kamay nito.

Kontentong nakaupo si Shimamura, nagsisigarilyo habang ang paa’y nasa kotatsu. Nang malaglag ang abo sa kanyang sigarilyo, dinampot ito ni Komako sa pamamagitan ng isang panyo at dinalhan siya ng isang ashtray. Napatawa si Shimamura tawang kasinsaya ng umaga. Tumawa rin si Komako.

“Kung may asawa ka, lagi mo sigurong kagagalan.”

“Hindi. Pero pagtatawanan ako dahil tinitiklop ko maging maruning damit ko. Hindi ko mapigilan. Talagang ganito ako.

“Sinabing mahuhulaan mo raw ang lahat sa isang babae tingnan mo lamang ang loob ng kanyang aparador.”

“Kay ganda ng araw.” Nag-aalmusal sila at bumabaha ang pang-umagang araw sa kwarto. “Maaga sana akong nakauwi para magpraktis ng samisen. Iba ang tunog sa araw na tulad nito.” Tumingala si Komako sa kristal na langit.

Malambot at krema ang yelo sa malayong bundok parang may belong manipis na usok.

Naalala ang sinabi ng masahista, iminungkahi ni Shimamura na sa kwarto na niya magparkatis ng samisen. Si Komako. Dagli itong tumawag sa bahay upang humingi ng kopya ng musika at mapalit na damit.

Kung gayo’y may telepono pala sa bahay na nakita niya nang nagdaang araw, naisip ni shimamura. Ang mata ng isa pang babae, si Yoko au lumutang sa kanyang gunita.

“Dadalhin dito ng batang iyon ang iyong musika?”

“Maaari.”

“May kasunduan kayo ng anak ng lalaki, di ba?”

“Aba! kailan mo nasagap iyan?”

“Kahapon.”

“Kakatwa ka talaga. Kung nabalitaan mo kahapon, bakit hindi mo sinabi sa akin?” Ngunit ang tono nito’y di nagpakita ng katalasang tulad nang araw na nagdaan. Ngayon, may malinis na ngiti lamang sa mukha nito.

“Madaling ungkatin ang bagay na iyon kung hindi kita iginagalang.”

“Ano ba talaga ang iniisip mo? Kaya ayaw ko sa mga taong galing sa Tokyo.”

“Binabago mo ang usapan. Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko.”

“Hindi ko binabago ang usapan. At pinaniniwalaan mo naman?”

“Oo.

“Nagsisinungaling ka na naman. Alam kong hindi ka naniniwala.”

“Katunaya’y hindi ko mapaniwalaan ang lahat. Pero sabi nila’y naging geisha ka para tumulong sa pagbabayad sa doktor.”

“parang kwento sa isang mumurahing magasin. Pero hindi totoo. Wala kaming kasunduan kailanman. Naiisip lang ng tao na gano’n. Hindi dahil ibig kong tumulong kaninuman kung bakit ako naging geisha. Pero malaki ang utang na loob ko sa kanyang ina at kailangang gawin ko ang aking makakaya.”

“Matalinghaga kang magsalita.”

“Sasabihin ko sa iyo ang lahat. Pakalilinawin ko. Para ngang may panahon na inisip ng kanyang ina na magandang idea kung pakakasal kami. Pero inisip lamang niya ito. Hindi niya sinabi

kahit kanino. Parang alam lang naming pareho ang nasa isip niya, pero hanggang doon lang. at iyan lamang ang nangyari.

“Magkaibigang magkababata.”

“Tama. Pero matagal kaming nagkahiwalay. Nang ipadala nila ako sa Tokyo para maging geisha, siya lamang ang naghatid sa akin. Isinulat ko iyon sa pinakaunang pahina ng aking pinakalumang diary.”

“Kung nagkasama kayong dalawa, kasal na siguro kayo ngayon.”

“Ewan.”

“Pakakasal ka sa kanya.”

“Hindi mo siya dapat alalahanin. Hindi magtatagal ay mamamatay na siya.”

“Pero tama bang lumalabas ka ng bahay kung gabi?”

“Hindi mo dapat itanong iyan. Paano ako mapipigil ng isang malapit nang mamatay para gawin ang gusto ko?”

Walang maisip si Shimamura.

Bakit kaya ni isang salita’y hindi nababanggit ni Komako ang batang si Yoko?

At si Yoko, na nag-alaga sa may sakit na lalaki sa tren, maaaring katulad ng pag-aalaga rito ng ina nito noong siya’y musmos pa – ano ang mararamdaman nito pagpunta sa otel, dala ang pamalit na kung ano – ng lalaking kasabay na umuwi ni Yoko?

Natagpuan ni Shimamura ang sarili na ginugunita ang mga dati niyang malayong pantasya.

“Komako. Komako.” Mababa ngunit malinaw ang magandang boses ni Yoko.

“Maraming salamat.” Lumabas si Komako papunta sa silid-bihisan. “Ikaw pa mismo ang nagdala. Nabigatan ka siguro.

Dagling umalis si Yoko.

Nalagot ang pang-itaas na kwerdas ng samisen nang tentatibo itong kalabitin ni Komako. Habang pinapalitan nito ang kwerdas at itinotono ang instrumento, nakita ni Shimamura na may tiyak at tiwala itong salat. Dinampot nito ang makapal na balutan at binuksan iyon sa ibabaw ng kotatsu. Sa loob ay may ordinaryong libro ng mga awit at mga dalawampung piyesa ng musika. Nagtatakang sumulyap si Shimamura sa huli.

“Nagpapraktis ka mula rito?”

“Kailangan. Walang iba rito na makapagtuturo sa akin.”

“Iyong babaeng kasama mo sa bahay?”

“Paralisado siya.”

“Kung nakapagsasalita siya, maaari pa siyang makatulong sa iyo.”

“Pero hindi siya makapagsalita. Nagagamit pa niya ang kaliwang kamay para ituro ang mga mali sa sayaw, pero naiinis lang siya sa pakikinig sa samisen nang hindi maituro ang tama.”

“Naiintindihan mo talaga ang musika sa pagbasa ng piyesa?”

“Naiintindihan ko talaga.”

“Matutuwa ang ginoong naglathala niyan kapag natuklasan niyang may isang tunay na geisha – hindi ordinaryong baguhan lamang – na nagpapraktis sa kanyang kopya sa malayong bundok na ito.”

“Sa Tokyo, inaasahan nilang sasayaw ako at binigyan nila ako ng mga leksyon sa sayaw. Pero halos wala akong natutuhan sa pagtugtog ng samisen. Kung makakalimutan ko pa ito, wala nang makapagtuturo sa akin. Kaya gumagamit ako ng piyesa.”

“At ang pagkanta?”

“Ayokong kumanta. Natuto ako ng ilang kanta mula sa aking pagsayaw at nakakaya ko naman pero ang mga bago’y kailangang matutuhan ko sa radyo. Hindi ko alam kung gaano ako katama. Sa aking sariling estilo – tatawa ka lang, alam ko. Bumibigay ang boses ko kapag kumakanta ako sa isang taong kilala ko. Malakas lamang ang loob ko sa mga estranghero. “Sandali itong nagmukhang tila mahiyain, pagkaraa’y pumanatag uli at sumulyap kay Shimamura na parang isinesenyas na kumanta na ito.

Napahiya si Shimamura. Sa kasamaang palad hindi siya mang-aawit.

Sa pangkalahata’y pamilyar siya sa musikang Nagauta ng teatro at sayaw sa Tokyo, at alam niya ang titik ng karamihan sa mga awit. Pero wala siyang pormal na pagsasanay. Katunayan, iniuugnay niya ang musikang Nagauta hindi sa pribadong pagtatanghal ng isang geisha kundi sa actor na nasa entablado.

“Pinahihirapan ako ng kostumer na ito.” Kasabay ng mabilis na pagkagat sa pang-ibabang labi, ikinalang ni Komako ang samisen sa tuhod at nang tila naging ibang tao siya, taimtim niyang binalingan ang mga titik na nasa harap.

“Pinapraktis ko na ang isang ito mula pa noong nakaraang taglagas.”

Humagod ang lamig kay Shimamura. Tila tumaas ang kanyang balahibo hanggang pisngi. Binuksan ng mga unang nota ang isang nananagos na kahungkagan sa kanyang kaibuturan at sa kahungkagang ito’y tumaginting ang tunog ng samisen. Nagitla siya- o manapa’y napaurong siya na parang nasapol ng isang tamang-tamang suntok. Nabalot ng damdaming halos pagsamba, sinasabayan ng mga alon ng pagsumbat sa sarili, walang pananggol parang pinagkaitan ng lakas-walang siyang nagawa kundi patangay sa agos, sa sarap ng pagpapatianod saan man siya gusting dalhin ni Komako.

Geishang bundok ito, nasabi ni shimamura sa sarili, wala pang beinte anyos at hindi maaaring gayon siya kagaling. At kahit na nasa isang maliit na kwarto, hindi kaya nito hinahablot ang instrumento na parang nasa entablado? Siya mismo’y natatangay ng sarili niyang emosyon. Sinadya ni Komako na basahin ang mga kataga sa iisang tono, minsa’y bumabagal at minsa’y nilalampasan ang isang napakahirap na pasada; ngunit unti-unti tila ito nilukuban ng isang engkanto. Habang tumataas ang boses nito, nagsimulang makaramdam si Shimamura ng bahagyang pagkatakot. Hanggang saan siya tatangayin ng makapangyarihan at tiyak na himig nito? Bumiling siya at iniunan ang ulo sa isang braso na parang bagot sa naririnig.

Para siyang nakawala nang matapos ang awit. A, umiibig sa akin ang babaeng ito...ngunit nayamot siya sa sarili sa ganitong isipin.

Tiningala ni Komako ang maliwanag na langit sa ibabaw ng yelo. “Iba ang tono sa araw na ito.” Ang tono’y naging kasingyaman at kasintaginting tulad ng ipinahiwatig ng tinuran nito. Iba ang paligid. Walang mga dingding ng teatro. Walang manonood, walang alikabok ng lungsod. Kristal na lumulutang ang mga nota sa malinis na umaga ng tagalamig upang umabot ang tunog sa malayo at nagyeyelong taluktok ng bundok.

Kay Shimamura, isang nasayang na pagsisikap ang ganitong paraan ng buhay. Naramdaman din niya rito ang isang pangungulilang nanawagan sa kanya at humihingi ng simpatiya. Ngunit ang buhay at takbo ng buhay ay walang dudang dumadaloy nang ganito kadakila mula sa samisen nang may panibagong halaga kay Komako mismo.

Si shimamura na hindi sanay sa pasikut-sikot na teknik ng samisen at naiintindihan ang emosyon sa tono lamang ang marahil ideal na tagapakinig ni Komako.

Nang simulan ni Komako ang pangatlong awit-senswal na kalambutan ng musika marahil ang sanhi – nawala ang panlalamig at pagtaas ng balahibo ni Shimamura na panatag at matamang nakikinig ay tumitig sa mukha ni Komako. Isang matinding pagkakalapit na pisikal ang lumukob sa kanya.

Parang ipinakakahulugan ng makikinis na labi ang isang nagsasayaw na liwanag kahit na ang mga ito’y parang talulot na nakatikom; at kung sa isang saglit ay nababanat ang mga ito gaya ng hinihingi ng pagkanta, mabilis itong tumitikom uli sa isang nakahahalinang maliit na talutot. Ang bighani ng labi ay katulad na katulad ng bighani ng kanyang katawan mismo. Dahil sa mga mata niyang mamasamasa at kumikislap, nagmukha siyang isang batang-batang babae. Wala siyang polbo at sa ningning ng isang geishang lungsod ay sumapi ang kulay ng bundok. Ang kanyang balat, na nagpapahiwatig ng kasariwaan ng isang bagong talop na sibuyas o ng puno ng lila marahil, ay bahagyang namumula hanggang lalamunan. Higit sa lahat ito’y malinis.

Matigas at tuwid na nakaupo, tila mas mahinhin siya at mas mukhang dalaga kaysa dati.

Ngayon, habang nakatingin sa isang bagong piyesa, kinanta niya ang isang awit na hindi pa niya naisasaulo. Nang matapos ito ay tahimik niyang isinuksok ang pang kalabit sa ilalim ng mga kwerdas at binayaang mapahinga ang sarili sa mas maginhawang posisyon.

Ang pagbago niya ng upo’y mabilis na naghatid ng anyong nakakatukso at nanghihikayat.

Walang maisip sabihin si Shimamura. Hindi pansin ni Komako kung ano ang palagay niya sa pagtugtog. Parang wala siyang pakialam na nasisiyahan sa kanyang sarili.

“Mahuhulaan mo ba lagi kung sino ang geisha sa tono ng kanyang samisen?”

“Madali. Wala pa kaming dalawampu rito. Depende iyan sa estilo. Ang pagiging indibidwal ay higit na lumalabas sa ilang estilo kaysa iba.”

Muli nitong dinampot ang samisen at inilipat ang bigat ng katawan kaya ang mga paa’y nakahilig sa isang panig at ang instrumento ay nakapatong sa kalamnan ng binti.

“Ganito ang paghawak kung maliit ka.” Yumuko ito sa samisen na parang napakalaki nito para sa kanya. “I-ti-im na buhok...” Nagboboses bata si Komako at parang nag-aaral na kinalabit ang mga nota.

“itim na buhok ba ang una mong natutuhan?”

“O-o” Parang batang ipinilig nito ang ulo, walang alinlangang tulad ng ginawa nito noong araw na napakaliit pa niya para mahawakan nang husto ang samisen.

HINDI na tinatangang umuwi ni Komako bago mag-umaga kapag nagpapaiwan ito sa gabi.

“Komako.” Mula sa bulwagan sa dulo ay tatawag ang dalawng taong gulang na anak na babae ng tagapangasiwa ng otel, ang boses ay tumataas sa punto ng salitang bundok. Silang dalawa’y masayang maglalaro sa kotatsu hanggang sa bago tumanghali at pagkaraa’y sabay silang mananaog para maligo.

Pagkagaling sa paliligo, sinuklay ni Komako ang buhok. “Tuwing makakikita ng geisha ang bata, tumatawag ito, “Komako” sa nakakatawa niyang punto at kapag nakakita siya ng retrato ng iba na lumang estilo ang buhok, si “Komako” rin iyon. Alam ng mga bata kung mahal mo sila. “Halika, Kimi. Maglaro tayo kina Komako.” Tumayo si Komako upang umalis, pagkaraa’y tinatamad na naupo sa beranda. “Mga sabik na taga-Tokyo, nag-i-ski na.”

Ang kwarto’y nakatunghay sa mismong dausdusan ng ski sa paanan.

Mula sa kotatsu, sumulyap si Shimamura. Patse-patse na ang yelo sa bundok at lima o anim na taong nakaitim na damit pang-ski ang nagpaikut-ikot sa may pilapil ng bakod. Parang sira ang mga ulo. Banayad ang dalisdis at ang mga pilapil ay hindi pa natatakpan ng yelo.

“Mga estudyante yata. Linggo ba ngayon? Ano’ng mapapala nila?”

“Magagling din naman sila,” ani Komako na parang sarili ang kinakausap. “Laging nagugulat ang mga panauhin dito kapag binabati sila ng isang geisha sa iskihan. Hindi siya nakikilala dahil sunog siya sa tindi ng lamig. Sa gabi, tinatakpan ito ng polbo.”

“Nagsusuot ka rin ng pang-ski?”

Nagsusuot daw siya ng “pantalong bundok,” sabi nito. “Pero malaking abala ang panahon ngayon ng ski. Malapit na naman. Makikita mo sila sa gabi sa otel, at sasabihin nila magkikita tayo uli kinabukasan habang nag-iski. Dapat sigurong itigil ko na ang pag-iski sa taong ito. Sige, aalis na ako. Halika na, Kim. Uulan ng yelo ngayong gabi. Malamig lagi ang gabi bago umulan ng yelo.”

Lumabas si Shimamura sa beranda. Inaakay ni Komako si Kimi sa matarik na daan sa ibaba ng daudusan ng ski.

Hindi umulan ng yelo nang gabing iyon. Bumagyo ng buu-buong yelo na naging ulan.

Muling ipinatawag ni Shimamura si Komako nang gabing iyon bago siya umalis. Aliwalas ang gabi at maliwanag ang buwan. Pagdating ng alas onse nanigid ang lamig ngunit nagpumilit si Komako na sila’y maglakad-lakad. Hinatak siya nito mula sa kotatsu.

Nagyeyelo ang kalsada. Tahimik na nakahimlay ang nayon sa ilalaim ng malamig na langit. Itinaas ni Komako ang laylayan ng kimono at ipinaloob ito sa kanyang obi. Kumikislap ang buwan na parang patalim na asul na yelo.

“Pupunta tayo sa istasyon,” sabi ni Komako.

“Gaga. Mahigit isang milya iyon. Pa’no pa ang pagbalik?”

“Malapit ka nang bumalik sa Tokyo. Tingnan lang natin ang istasyon.

Namamanhid si Shimamura mula sa balikat hanggang pigi.

Pagbalik sa kwarto, malungkot na napalupasay si Komako. Yuko ang ulo at ang mga kamay ay malalim na nakapasok sa Kotatsu. Kakatwa, tumanggi itong sumama sa kanya sa paliguan.

Nakahanda na ang higaan na ang paa ng kutson ay nakapaloob sa katatsu. Malungkot na nakaupo sa gilid si Komako nang bumalik si Shimamura mula sa paliligo. Walang sinabi si Komako.

“Ano’ng nangyari sa iyo?”

“Uuwi na nako.”

“Huwag kang gaga.”

“Mahiga ka na. Bayaan mong umupo muna ako rito sandali.”

“Bakit gusto mong umuwi?”

“Hindi ako uuwi. Mauupo lang ako rito hanggang umaga.”

“Hindi kita maintindihan.”

“Hindi ako mahirap intindihin.”

“E. bakit...?”

“Masama... ang pakiramdam ko.”

Nasiyahan ka ba sa kwentong binasa mo? Nadama mo ba ang naramdaman ng tauhang babae? Kung naunawaan mo ang iyong binasa, sigurado akong masasagutan mo ang mga inihanda kong gawian.



Linangin mo...

Pagsusuring panlinggwistika

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salita batay sa elemtong hinihingi. Iguhit mo ang simbolo

Kahulugan

Simbolo






Matapos mong mabigyan-kahulugan ang mga salita batay sa hinihinging elemento, mahalagang masuri mo ang katauhan ng ating mga pangunahing tauhan sa pamamagitan ng “Character Profile“

Ito’y lubos na pagkilala sa mga tauhan. Lubusang kikilalanin ang tauhan sa pamamagitan ng mga nakatalang impormasyong nais malaman sa mga tauhan batay sa mga pangyayaring kinasasangkutan nila sa seleksyon.


Pagsusuring pangnilalaman

Ngayong alam mo na ang character profile, madali mo nang masasagot ang mga impormasyong hinihingi.



Shimamura

- Pangalan
- Gulang
- Hanapbuhay
- Pag-aaral
- Mga Libangan
- Pananaw sa buhay
- Katangian
- Panlabas na kaanyuan
- Nasyonalismo
- Kasarian



Komako

Naibigan mo ba ang ginawa mong pagsusuri sa dalawang tauhan? Kakaiba di ba?
 Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pahayag at kaisipan. Piliin ang pahiwatig at kahulugan nito na makikita sa bandang ibaba. Titik lamang ang isulat

Mga Pahayag / Kaisipan	Pahiwatig	Kahulugan
<p>1. “Pakikipagkaibigan lamang ang nararamdaman ko sa babaeng ito”</p> <p>2. May dahilan siya sa paglusong sa mababaw na tubig nang hindi nagpapakabasa.</p> <p>3. “Kung gabi, mapakadelikadong may matirang latak na di gusto ng sinuman.”</p> <p>4. “Ikaisandaan at siyam-napu’t siyam na araw. Eksaktong ikaisandaan at siyamnapu’t siyam na araw.</p> <p>5. Hile-hilerang bato ang nakadagan sa atip ng mga bahay para huwag itong tangayin ng hangin.</p>		

Pamimilian

- a. Ayaw niyang makipagrelasyon sa babae.
- b. Pihikan
- c. Kahirapan
- d. Panandaliang pag-ibig ang nais niya.

- e. Tira-tirahan na lamang
- f. Nang ibigay nito ang sarili kay Shimamura
- g. May mga geishang napagpilian na
- h. Luma na
- i. Ayaw niyang mahulog ang loob niya sa babae
- j. Ipinagkatiwala ang buong pagkatao

Pagkatapos mong masagutan ang iyong mga gawain, daragdagan pa natin ang iyong kaalaman sa akda. Dahil sa pag-unawa sa kwento, kailangan mo na ang focus sa transformasyon ng tauhang babae. Ang tawag dito ay teoryang feminismo.

Sa teoryang feminismo, ang mahalagang sangkap na binibigyan ng atensyon ay ang tauhang babae. Sa proseso ng pagbasa tinitingnan ang taglay na lakas ng tauhang babae. Maaaring ito ay nakapaloob sa mga tiyak na pahayag na nagpapakita ng kanyang saloobin, pananaw sa buhay at maging sa pagkilos.

Pagsusuring pampanitikan

Ngayong nabatid mo na ang teoryang feminismo, suriin mo ang akdang “Lupain ng Taglamig” batay sa pagpapakita ng kalakasan ng tauhang babae.

1. Lakas ng loob
2. Lakas ng pagpapasya
3. Lakas na pisikal

Halagang Pangkatauhan

1. Kung ikaw ang magiging manager sa isang kompanya, paano mo ipakikita ang pantay na karapatan ng iyong mga empleyadong babae at lalaki?
2. Anu-anong panuntunan ang iyong ipapatupad na mag-aalis ng deskriminasyon sa pagitan nila?

Madali mo bang naisagawa ang mga inihanda kong gawain? Iwasto mo ito. Hiramín mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Narito pa ang ilang gawain na alam kong makadaragdag sa iyong kaalaman.

Palalimin Mo...

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag. Matapos kong mabasa ang akdang “Lupain ng Taglamig” at nakilala ang dalawang tauhan.

Nalaman ko na ang isang geisha ay

Naramdaman ko na ang isang geisha ay ...

Masasabi ko na ang isang geisha ay ...

Gamitin mo...

Panuto: Lagyan mo ng sek (/) kung posiibo at (X) kung negatibo ang epekto ng feminismo.

- _____ 1. Pagkakaroon ng kalayaan sa pagpili ng mapapangasawa.
- _____ 2. Lagi nang unang nabibigyan ng pagkakataon ang mga kalalakihan.
- _____ 3. May matigas na puso sa mga desisyon.
- _____ 4. Pantahanan lang ang mga kababaihan.
- _____ 5. Kapwa kumikita ang mag-asawa.
- _____ 6. Pabayaang sa anumang gawin nila sa kanilang buhay.

Tiyak na alam mo na ang positibong epekto ng feminismo. Iwasto mo na ang iyong gawa. Kunin mo muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Sulatin mo...

Panuto: Ayusin mo ang pagkakasunud-sunod ng bilang ng mga pangungusap. Pagkatapos, gawin mo itong isang talata.

1. Naging matatag siya sa mga pagsubok na dumaan sa kanyang buhay.
- 2.. Utang natin sa kanya ang pagkakaroon ng mapayapang rebolusyon.
3. Kaya naman minahal siya ng taong bayan.
4. Dahil sa kanya, nabuhay muli ang diwa ng demokrasya.

Ang husay mo nang mag-ayos ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Ngayong nabuo mo nang isang talata ang mga pangungusap, hiramín mo muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto amg iyong ginawa.

Lagumin mo...

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang aral na napulot mo sa akda.

- _____ 1. Na dapat pantay-pantay ang karapatan ng lalaki at babae.
- _____ 2. Di dapat padadaig ang babae sa lalaki.
- _____ 3. Ang isang geisha ay dapat igalang.
- _____ 4. Karapatan ng babae na pumili ng kanyang mapapangasawa.
- _____ 5. Kaalaman sa teoryang feminismo.
- _____ 6. Kailangan bigyan-laya ang babae sa dapat niyang gawin.
- _____ 7. Pananagutan niya ang anumang mangyayari sa kanya.

Marami ka nang alam tungkol sa akda. Hiramín mong muli sa guro mo ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo na ito.



Gaano ka na kahusay?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

- 1. Si Shimamura ay bumaba sa nayon ng mainit na bukal pagkaraan ng pitong araw sa hangganan sa bundok. Ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit ay:
 - a. batis
 - b. ilog
 - c. dalisdis
 - d. sapa
- 2. Nagpatawag siya ng isang geisha. Ang ibig ipakahulugan ng geisha ay babaing:
 - a. nagbibili ng aliw
 - b. katulong sa bahay
 - c. mang-aawit
 - d. mananayaw

3. Nagsiklab ang babae at pagkaraa'y umurong ng isang hakbang ang kahulugan ng may salungguhit ay:
- a. nag-apoy
 - b. nagalit
 - c. nagliyab
 - d. nagwala
4. Edad ni Komako nang magsimula siyang sumulat sa diary.
- a. 15
 - b. 14
 - c. 16
 - d. 18
5. "Hindi ako magsisisi. Hindi ako kailanman magsisisi. Pero hindi ako ganoong babae." ipahiwatig sa pahayag na.
- a. nagmamakaawa ang babae.
 - b. nagmamatigas ang babae sa lalaki.
 - c. nais makipagtalik ng babae sa lalaki
 - d. nakikipagtalo ang babae sa lalaki.
6. "Bangon. Bangon, kapag may nagsabi sa iyong bumangon." Nagpapahiwatig dito na ang nagsasalita ay:
- a. matapang
 - b. makapangyarihan
 - c. mabagsik
 - d. mahigpit
7. Tawag sa pahayag ng mga kababaihan sa karapatang pulitikal, sosyal at ekonomikal
- a. humanismo
 - b. feminismo
 - c. realismo
 - d. romantisismo
8. Karapatan ng babae na mabigyan siya ng _____ kapag hiwalay na sila ng kanyang asawa.
- a. hanapbuhay
 - b. sustento
 - c. bahay at lupa
 - d. mana
9. Mahalaga para sa iyo na buo ang inyong pamilya, ngunit madalas kang bugbugin ng iyong asawang lasenggero. Ano ang gagawin mo?
- a. palalayasin siya
 - b. ipagugulpi sa mga kapatid na lalaki
 - c. ipauubaya na lang sa Diyos
 - d. magsusumbong sa maykapangyarihan

10. Magkakaroon ng kapanatagan, pagmamahalan, katarungan at kaunlaran ang isang pamilya kung ang mag-asawa ay:

- a. may pagbibigayan
- b. may pag-uunawaaan
- c. may pagkakaisa
- d. lahat ay tama

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay 7-10 binabati kita at kung ang iskor mo ay 6 pababa, gawin mo ang susunod na pagsasanay.



Paunlarin mo...

Panuto: Bumuo ka ng mga konsepto batay sa mga salitang nasa loob ng kahon.

Maging sunud-sunuran ang kanyang asawa	di dapat	sa babae
---	----------	----------

ng babae ng pamilya	ang humawak karapatan	ng kabuhayan
------------------------	--------------------------	-----------------